CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Marso 12, 2021
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyong ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS (6397), jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Long Beach Lumipat sa Pulang Baitang ng Color-coded na Sistema ng Baitang para sa Pagbawi ng Ekonomiya

Ang ilang mga sektor, negosyo at aktibidad ay maaaring magpatuloy ng mga operasyon ng may pagbabago, kabilang ang panloob na kainan sa mga restawran

Long Beach, CA - Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Lungsod ng Long Beach ay naglabas ng isang binagong Utos sa Kalusugan, na epektibo simula 12:01 ng Lunes, Marso 15, dahil sa pagpasok ng Los Angeles County sa Pulang Baitang, ang pangalawa sa apat-na-baitang na color-coded na sistema ng Estado sa ilalim ng Blueprint para sa Masligtas na Ekonomiya. Sa ilalim ng binagong Utos, ang iba't ibang mga sektor, negosyo at aktibidad, kabilang ang panloob na kainan sa mga restawran at panloob na gym at mga pasilidad sa fitness, ay maaaring magpatuloy ng ilang operasyon na may mga paghihigpit.

"Ang paglipat sa Pulang Tier ay nagpapakita ng progreso sa pagbawas ng pagkalat ng COVID-19," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Maaari nating simulang palawakin ang mga pagpapatakbo ng negosyo sa Pulang Tier, ngunit mayroon pa tayong kailangang gawin at dapat tayong maging mapagbantay. Ang ating mga aksyon ay magpapatuloy na gabayan ang ating progreso."

Sa ibaba ay isang pangkalahatang ideya ng mga negosyo, serbisyo at aktibidad na maaaring magpatuloy simula Marso 15, kung sumusunod sa kinakailangang mga pagbabago:

- **Ang mga restawran** ay maaaring magbukas sa loob ng may mga pagbabago, kabilang ang maximum na 25% na kapasidad o 100 katao, alinman ang mas kaunti. Nalalapat ito sa mga restawran na naghahain ng mga bona fide na pagkain at brewpub, brewery, bar, pub, mga craft distillery at winery na nakikipagsosyo sa isang provider ng pagkain na inaprubahan ng Lungsod at naghahatid ng mga bona fide na pagkain sa parehong transaksyon kasama ang alkohol. Ang mga bar, kung saan walang serbisyo sa pagkain na ibinigay kasama ng serbisyo ng alkohol, ay dapat manatiling sarado para sa panloob at panlabas na operasyon. Ang mga brewery, distillery at winery kung saan walang pagkain na ibinigay na may serbisyo ng alkohol ay dapat manatiling sarado sa loob.
    - Ang mga mesa na matatagpuan sa panloob at panlabas na kainan ay dapat na ihiwalay ng hindi bababa sa walong talampakan upang matiyak na ang pisikal na distansya na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga customer at manggagawa sa lahat ng oras ay nakakamit habang ang mga kustomer ay nakaupo at upang payagan ang pagdaan sa pagitan ng mga mesa at nang isama ang mga upuan na inuupuan ng mga kustomer at tinulak habang nasa mesa. Ang in-person na kainan ng mga miyembro ng iisang sambahayan lamang ang masidhing hinihikayat. Ang mga lamesa at upuan ay dapat na alisin sa mga kainan upang ang 6 na talampakang pisikal na distansya ay mapapanatili para sa mga kustomer at manggagawa sa lahat ng oras. Kung ang mga mesa, upuan, booth, atbp., ay hindi magagalaw, gumamit ng mga biswal na pahiwatig upang ipakita na hindi sila magagamit.
- **Ang mga Winery, Brewery at Distillery** (kung saan hindi naghahatid ng pagkain) ay maaaring buksan lamang sa labas. Ang mga panauhin ay dapat manatiling nakaupo sa mesa at dapat limitado sa 90 minuto. Kailangang magpareserba. Ang on-site na serbisyo para sa pagkonsumo ay dapat magsara ng 8 p.m. Pinapayagan lamang ang mga pagpapatakbo sa loob sa mga brewery at distillery kung saan nagbebenta ng alkohol sa parehong transaksyon ng isang bona fide na pagkain na ibinigay ng isang provider ng pagkain na inaprubahan ng Lungsod. Ang mga bar at pub ay dapat manatiling sarado.
- **Ang mga gym at Fitness Center** ay maaaring buksan sa loob na may mga pagbabago, kabilang ang maximum na 10% na kapasidad. Masidhing hinihikayat ang mga operasyon sa labas ng gym at mga pasilidad ng fitness. Ang mga pag-akyat sa pader ay maaaring muling magbukas.

- **Ang mga Tingian** ay maaaring magbukas sa loob na may mga pagbabago, kasama ang maximum na 50% na kapasidad (tumaas mula sa maximum na 25% na kapasidad).
- **Ang mga Pribadong Pagtitipon** ay maaaring pahintulutan sa loob na may mga panakip sa mukha ngunit masidhing hindi inirerekomenda. Limitado sa tatlong sambahayan at hindi hihigit sa 15 katao sa kabuuan. Ang mga taong ganap na nabakunahan ay maaaring magtipon sa loob ng mga pribadong setting lamang, nang walang panakip sa mukha, kasama ang ibang mga taong ganap na nabakunahan at/o sa mga taong may mababang panganib para sa matinding COVID-19 na karamdaman.
- **Ang mga Museo, Galleria, Aquarium at mga Harding Botanikal** ay maaaring magbukas sa loob na may mga pagbabago, limitado sa 25% ng maximum na kapasidad.
- **Ang mga Lugar ng Pagsamba** ay maaaring magbukas sa loob na may mga pagbabago, kabilang ang maximum na 25% kapasidad. Ang mga panlabas na serbisyo at mga seremonyas na pangkultura ay masidhing hinihikayat.
- **Ang mga Sinehan** ay maaaring buksan sa loob na may mga pagbabago, kabilang ang maximum na 25% na kapasidad o 100 katao, alinman ang mas kaunti.
- **Mga Sentro ng Libangang Pangpamilya-** Ang mga standalone na atraksyon ng libangan na nagpapatakbo nang independyente sa, at matatagpuan sa magkakaiba at magkakahiwalay na lugar mula sa iba pang mga atraksyon ng libangan, tulad ng isang carousel, Ferris wheel o pagsakay sa tren, ay maaaring buksan muli sa labas lamang. Ang lahat ng mga panloob na sentro ng libangang pangpamilya ay dapat manatiling sarado.
- **Institutes of Higher Education** may reopen all permitted activities with required safety modifications except for residential housing, which remains under current restrictions for the Spring semester. Capacity of indoor lectures and student gatherings is limited to 25% of maximum occupancy or 100 people, whichever is less. Academic instruction via distance learning is strongly encouraged wherever possible.
- **Ang mga Institusyon ng Mataas na Edukasyon** ay maaaring magbukas muli ng lahat ng pinahihintulutang aktibidad na may kinakailangang mga pagbabago sa kaligtasan maliban sa pantahanang pabahay, na nanatili sa ilalim ng kasalukuyang mga paghihigpit para sa Spring semester. Ang kapasidad ng panloob na mga lektura at pagtitipon ng mag-aaral ay limitado sa 25% ng

maximum na okupasyon o 100 katao, alinman ang mas kaunti. Ang tagubilin sa akademiko sa pamamagitan ng pag-aaral sa distansya ay masidhing hinihikayat saan man posible.

- **Isports ng kabataan at matatanda -** Pinapayagan ang mga panlabas na mababa-, katamtaman- at mataas-na-kontak na isports na magpatuloy ng may mga pagbabago. Ang lahat ng iba pang mga isport, kabilang ang isports na nilalaro sa loob, ay maaaring ipagpatuloy nang napapailalim sa mga karagdagang kinakailangan, na maaaring matagpuan sa Protokol ng mga Isports na Panlibangan ng Kabataan at Matatanda ng Lungsod.
- **Ang mga Live na Panlabas na Kaganapan (isports at live ba pagtatanghal)** ay maaaring magpatuloy simula Abril 1 na may limitadong kapasidad na 20% ng maximum na okupasyon at limitado sa mga nasa estado. Dapat ipatupad ng mga venue ang isang lingguhang programa sa pagsusuri ng manggagawa at iba pang mga pagbabago na alinsunod sa patnubay ng Estado. Nananatiling ipinagbabawal ang mga live na panloob na kaganapan.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa mga katanungan, ang mga may-ari ng negosyo ay maaaring tumawag sa BizCare Hotline ng Lungsod sa 562.570.4BIZ (4249), Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Basahin ang lahat ng mga pagbabago sa Utos ng Kalusugan dito.

Habang ang nabanggit na mga serbisyo at aktibidad ng negosyo ay pinahihintulutan bilang isang resulta ng patuloy na pagbawas sa mga kaso ng COVID-19 at pagtaas ng mga taong nabakunahan, kritikal sa pangmatagalang kaligtasan, paggaling at katatagan ng Long Beach na ang lahat ay manatiling maingat sa pagsasanay ng lahat ng mga protokol sa kalusugan at kaligtasan na nakabalangkas sa Utos sa Kalusugan na Masligtas sa Tahanan, kasama ang pagsusuot ng panakip ng mukha at pagpapanatili ng wastong pisikal na distansya mula sa iba, kahit na nakatanggap na sila ng mga bakuna sa COVID-19.

Ang tiered na sistema ay batay sa tatlong pangunahing sukatan: ang bilang ng mga bagong kaso bawat araw (bawat 100,000 residente); ang rate ng pagiging positibo (bilang ng mga positibong resulta ng pagsusuri kumpara sa lahat ng mga pagsusuri na ibinigay); at ang sukatan ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan (pagsusuri ng rate ng

pagiging positibo sa mga lugar na may pinakamababang mapagkukunan). Ang mga color-code na tier ay mula sa lila (laganap) hanggang sa dilaw (minimal).

Ang sukatan ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan ay dinisenyo upang matugunan ang disproporsyonadong rate ng kaso ng COVID-19 sa ilang mga populasyon. Ito ay batay sa mga tagapagpahiwatig ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan o kondisyon na nakakaapekto sa kalusugan ng publiko, tulad ng pang-ekonomiya, panlipunan, edukasyon, transportasyon, pabahay at mga kadahilanan sa kapaligiran. Upang lumipat sa isang hindi gaanong mahigpit na baitang, ang mga lugar na may pinakamababang mapagkukunan ay dapat matugunan ang isang tiyak na threshold ng pagiging positibo. Tinitiyak ng sukatan ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan na ang mga indibidwal na pinaka apektado ng pandemya ay nasa mahusay na kalagayan na ang paglipat ng county sa susunod na baitang ay ligtas para sa lahat.

Ang lahat ng County ng Los Angeles, na kinabibilangan ng Long Beach, ay dating nasa Lila na Tier, ang pinaka-mahigpit na antas. Upang makaakyat sa susunod na baitang (Kahel), ang county ay dapat na nasa Pulang Tier nang minimum na tatlong linggo at mapanatili ng mga numero ng Kahel na Tier sa loob ng dalawang magkasunod na linggo. Kasama nito ang isang rate ng kaso ng isa hanggang 3.9 araw-araw na mga bagong kaso (bawat 100k), isang 2% hanggang 4.9% na rate ng pagiging positibo at isang 2.2% hanggang 5.2% na sukatan sa pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

Noong Marso 12, mayroong 51,600 COVID-19 na kaso sa Long Beach, at 882 katao ang namatay dahil sa virus. Halos 149,000 na mga bakuna ang naibigay, na kinabibilangan ng higit sa 98,000 unang dosis at higit sa 50,000 pangalawang dosis.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###